# After the P25 Wage Hike: What now and Where to?

**AVELINO VALERIO** (Trade Union Congress of the Philippines/TUCP): After the P25.00 wage hike, what now and where to? Ito ay mahalagang tanong sapagka't ang ating ibang manggagawa ay hindi pa tumatanggap ng P25 increase na ito. Kami ay naglunsad ng regular monitoring of prices which is being done weekly. Sa aming tingin, patuloy na nagde-deteriorate ang purchasing power ng peso. As an immediate solution, we are trying to institute some kind of price control lalo na sa pagkain, sa ilang construction materials, sa mga kagamitan sa eskuwelahan, at iba pang pangunahing pangangailangan sapagka't habang tumataas ang kinikita ng manggagawa ay lalong hindi na sumasapat sa kanilang mga pangunahing pangangailangan. Ang isa sa mga proposals namin na magkaroon ng price control on selected prime commodities ay sa tingin namin makitid na solusyon sa ating problema. Ang nakikita naming malaking problema ay ang foreign debt. Ito ay parang 5/6 at ito ay hindi madaling bayaran. Ang ibinabayad nating 44% out of the Philippine budget ay totoong napakabigat at napakalaki, dahil diyan ang mga presyo ay hindi na mapipigilan sa pagtaas. Kaya ano mang control ang gawin natin tila hindi ito sapat na solusyon sa ating problema. Isa pa, ang pagpapataw ng buwis sa gasolina. Hindi kaila na ang gasolina at langis, at ang by-products nito, ay hindi dapat patawan ng buwis sapagka't ito ang susi sa industriyalisasyon ng ating bansa. Habang walang langis na nakukuha dito sa atin maliban doon sa maliit na bahagi, which is just 5% of our requirement, ay umaangkat tayo mula sa ibang bansa at dahil diyan naaapektuhan ang pangunahing pangangailangan natin. Ito ay hindi lamang parang bagyo na kapag tinamaan ang isang lugar ay nalulunos ang kabuhayan ng tao; pati tao nalulunos din. Dahil sa tayo ay hindi makabangon bunga ng pagiging agrikultural ng ating bansa ay palagi tayong nasa ilalim ng matinding krisis. What is the present economic condition of our country? Kung titingnan natin, dalawang uri ng ekonomiya mayroon tayo, ang agrikultura at maliit na industrial sector. Sa ilalim ng ganitong kalagayan, lalong lumalawak ang unemployment at ganoon din ang underemployment.

Ang malaking bahagi ng ating populasyon na walang hanapbuhay at underemployed ay umaasa sa manggagawang kumikita ng halaga na sa kanila lamang ay hindi pa sapat. Kaya ito ay dapat hanapan ng solusyon ng ating pamahalaan. Ano pa ang ilang mga problema natin? Napakaraming NPA, hindi ito ang kaibigan nating NPA, ito ay ang non-performing assets na sa halip na makatulong sa ating kabuhayan, ay nakakadagdag pa sa kahirapan. Inflation ang nagiging bunga nito. Noong nakaraang mga taon, siguro after World War II, alam nating tayo ay pangalawa sa Hapon sa antas ng kalagayang pangkabuhayan. Pero ngayon, huling-huli na tayo at pati ang mga bansang dati ay halos walang kabuhayan ngayon ay mas maunlad na kaysa sa atin. Thailand, the first time I went there, their buses were just six by six, pero noong nakaraang Marso at Nobyembre noong naroon ako, Mercedes Benz na ang kanilang public utility vehicles. Dito natin makikita na huli at atrasado na ang ating bayan. Kaya nga kami sa TUCP, bagaman maliit pa kami at alam ninyo na ang organized labor is but a small portion of the labor force, ay nag-iisip ng iba't ibang paraan upang palawakin ang kamulatan ng mga manggagawa sa ilalim ng TUCP. We are also involved in livelihood development. Nais naming ang mga manggagawang dati-rati ay kasangkapan lamang ng mga kapitalista ay magkaroon ng lakas upang makatayo sa kanilang sariling mga paa at hindi panghabang buhay na nakasandal sa mga kapitalistang ito. Mayroong paradox na dapat hanapan ng solusyon ng lipunan. Bakit samantalang ang mga manggagawa ang mga lumilikha ng lahat ng kayamanang ito, sila ay naghihikahos sa kasalukuyan? Dapat nating pag-isipan nang sama-sama kung paano natin magagawan ng paraan upang ang lahat ng kayamanang ito ay mapasakamay ng lahat, hindi lamang sa mga mapagsamantala sa kahinaan ng maraming manggagawa.

**NICK ELMAN** (Kilusang Mayo Uno/KMU): Ang tingin namin dito sa usaping P25 wage hike ay hindi pa tapos sapagka't marami pa ring problemang kaugnay dito na dapat harapin ng mga manggagawa. Bago iyan, nais kong sabihin na ang tagumpay ng P25 ay tagumpay ng manggagawa na puwede nating i-attribute sa malakas at sama-samang pagkilos ng mga manggagawa ano man ang kanilang affiliation. Ang pagkakaisang ipinakita ng mga manggagawa ay nagpapakita na ang makatwirang kahilingan ay nakakamit hindi lamang sa pakikipag- usap bagkus ito ay nakakamit sa sama-samang pagkilos ng mga manggagawa. Dahilan sa isang general strike, napilitan ang gobyernong tugunan ang makatwirang kahilingan ng mga manggagawa. Kung titingnan natin, ang P25 increase ay mas maliit pa doon sa hinihingi ng manggagawa na P30 na ang naging batayan ay ang pagtaas ng presyo ng mga bilihin since 1986 hanggang 1987 kung saan na-erode ang purchasing power ng mga manggagawa. Subali't hindi pa rin tapos ang usaping wage increase sapagka't unang-una may level batay doon sa implementing guidelines ng batas, na ang mga manggagawang sumasahod ng P100 and above ay hindi mabenepisyuhan. Secondly, maraming kapitalistang hindi o ayaw tumupad sa P25.00 increase. Kaya kung titingnan natin sa kabuuan, hindi pa ito tapos na usapin. Kaya sa bahagi ng Kilusang Mayo Uno, kami ay gumagawa ng paraan upang ang lahat ng mga manggagawa, ano mang antas ang kanilang sahod, ay dapat magkamit ng P25 increase sapagka't lahat ay apektado ng pagtaas ng presyo ng mga bilihin at serbisyo. Ang pangalawang punto ay ang mga kapitalista na ayaw mag-comply sa P25 adjustment. Unang-una na rito iyong mga multinational corporations. Ang gobyerno ay gumawa ng batas na below P100 ang bigyan sapagka't iyong above P100 ay ang mga manggagawa sa mga multinational corporations. Halimbawa, ang food and drug industries at mga bangko. So in effect, nakaiwas na ang mga multinational corporations dito.

Ngayon, alam natin na ang pagtaas ng sahod ng manggagawa ay kabawasan sa tubo ng mga kapitalista. Kaya malaki ang pagtutol ng Employers' Confederation of the Philippines (ECOP) kasi malaki ang mababawas sa tubo nila. Hindi sila magbibigay ng P25 increase. Gusto pa nilang i-declare na illegal iyong welgang inilunsad ng mga manggagawa. Kaya't ang magiging area ng banggaan ngayon ay sa pagitan ng mga manggagawa at mga kapitalista sa factory level. Subali't para sa KMU, hindi lamang dapat ma-confine ang labanan sa factory level. Dapat ito ay isang organisadong labanan. Ang ibig sabihin, ang buong KMU ay nakatutok sa usaping ito. Sa kabuuan, ang usaping ito ay nakapaloob sa patakaran ng IMF-World Bank na tinatawag nating cheap and docile labor policy. Ito ay matagal nang ini-implement, matagal nang nais panatilihin ng IMF-World Bank dito sa ating bayan. Bago ibinigay iyong increase, minadali nilang isina-batas iyung tinatawag nilang Herrera Law, iyong RA 6715 na ang tingin namin ay anti-labor, anti-strike, at pro-multinational.

Sa halip na i-repeal ang BP 130 at 227 na isina-batas noong panahon ni Marcos, ang ginawa ng gobyerno ay ipinagpatuloy pa at ginamit ito upang lalo pang supilin ang mga manggagawa. Natutuwa na nga kami noong May 1, 1986 nang sinabi mismo ni Gng. Cory Aquino na ire- repeal niya ang BP 227 at lahat ng mapanupil na batas. Subali't hanggang sa kasalukuyan ay ginagamit niya ito. Ang matindi pa nito, isinama pa niya ang Herrera Law. Sa kabuuan, hindi pa tapos ang labanan, marami pang dapat harapin ang mga manggagawa. Nandito ang pagtaas ng presyo ng langis na hindi maiiwasan, gaya ng sinabi ni Gng. Aquino, sapagka't mismo sa Letter of Intent (LOI), ang Oil Price Stabilization Fund (OPSF) ay hindi dapat alisin, bagkus dagdagan pa ng pondo. Ito iyong ginagamit ni Gng. Aquino ngayon na batayan para magtaas ng presyo ng langis. Kaya sa kabuuan, ang patakaran ng gobyernong ito ay hindi hiwalay sa patakaran ng gobyernong pinatalsik ng mga mamamayang Pilipino noong Pebrero 1986. Ito ay pagpapatuloy lamang ng mga programang iniwan ni Marcos. At sabi pa ng iba ay mas masahol pa sapagka't sa usapin lamang ng OPSF noong panahon ni Marcos, may dalawang batayan ang pagtaas ng presyo ng langis: una, kapag ang presyo ng langis sa international market ay nagbago, pangalawa kapag mayroong tinatawag na devaluation. Noong 1987, pumayag si Gng. Aquino na iyung inventory losses ay dapat maging batayan din para makakuha ng pondo o makakuha ng pera ang multinational companies sa OPSF kaya ang tendency mauubos talaga ang pondo ng OPSF.

Kaya't sa kabuuan, ang problema mismo ay ang patakaran ng gobyerno na anti-people at pro-imperialist. Unless maging pro-people at anti-imperialist ang patakaran ng gobyerno, hindi

magkakaroon ng tunay na kaginhawaan at pagbabago sa pang-ekonomiya, pampulitika at sa pang-sosyal na usapin ang ating bayan. Kaya't masasabi natin bilang pagtatapos, ang KMU at ang mga manggagawa sa ilalim nito ay kaisa sa lahat ng sektor ng ating lipunan na lumalaban sa kahirapan at dominasyon ng malalaking kapitalistang dayuhan sa ating bayan. Dapat magkaisa ang lahat para makamit ang tunay na kaginhawaan para sa mamamayang Pilipino.

**DANNY EDRALIN** (National Union of Workers in the Hotel, Restaurant and Allied Industries/NUWHRAIN): Ang aming organisasyon ay bahagi ng isang sentro, ang Lakas Manggagawa Labor Center (LMLC) at ito naman ay bahagi ng isa pang coalition, ang Labor Advisory and Consultative Council (LACC). Katulong ng LACC ang TUCP sa pagtulak ng tinawag naming Summer Wage Campaign. Ang Summer Wage Campaign ay nailunsad sa pamamagitan ng pormal na pagpasok ng panukala, una ng TUCP sa halagang P22.00 at ng LACC ng halagang P36.00 bilang karagdagan sa sahod. Iyan po ay noong bandang Pebrero. Iyung impression ng iba na ibibigay ang P25 wage hike sa lahat ay hindi po totoo. May mga bahagdan, may P25, may P20, may P15 at may tatlong pahina ng mga exceptions.Ibinabatay din nila ang sahod sa population ng mga siyudad. Halimbawa, sa Hyatt Terraces Baguio na isang five star hotel, ang minimum wage nila ay P4 lower dahilan sa ang Baguio daw ay may population na mababa sa 150,000. Kaya maraming problema ang batas na iyan. Habang ang aming atensyon ay nasa national wage increase, ginamit naman ng mga pulitiko at mga economic planners ang pagkakataon para ipasok ang tinatawag nilang Regional Wage Fixing. Ang nais nila balang araw, iyung national wage mananatili sa P89. Kung sakaling magkaroon man ng dagdag magkakaiba-iba. Of course, iyung highest wage level will probably be the NCR. Nandito daw kasi ang mga unyonistang makukulit. Ang pronouncement ng ating political leaders, ang P25 wage hike,will be the last national wage increase to be legislated by Congress. Ang susunod pong labanan ay sa National Wage Board. So the longer they set-up this board, the longer they can postpone ang mga struggles na iyan. Pero hindi naman iyon uubra sa atin.

Sa ngayon sa National Union of Workers in the Hotel, Restaurant and Allied Industries (NUWHRAIN) after these rules, marami kaming gawaing pang-lokal na unyon. Isa na rito ang bargaining activities para sa mga tumatanggap ng above P100 dahil hindi across the board sa antas na ito. Secondly, i-momonitor din namin ang compliance ng lahat. Ngayon batay sa karanasan sa Summer Wage Campaign, dalawa pong bagay ang malinaw na nakita namin. Una, ang ibayong pangangailangan pa sa pag-oorganisa sa hanay ng manggagawa. Kakaunti pa ang organisadong puwersa sa Pilipinas hanggang sa ngayon. Ang pangalawang pangangailangang nakita namin ay iyung pangangailangan ng pakikilahok ng mga manggagawa sa pampulitikang proseso na kasalukuyang umiiral sa ating bansa. Kailangang bumuo ng mas marami pang unyon para ma-pressure ang lehislatura na magpasa ng mga batas na makakatulong sa mga manggagawa. Ang NUWHRAIN ay naniniwala sa mga prinsipyong pang-unyon na medyo may kaibahan sa iba. Una po, ang paniniwala naming ang mga unyon ng mga manggagawa ay dapat pamunuan ng mga manggagawa mismo. Hindi po ito sumasang-ayon sa maraming unyon ngayon na pinamumunuan ng mga abogado o kaya mga taong hindi naman tunay na manggagawa. Pangalawa po, naniniwala kaming ang kilusang unyon ay magiging mas epektibo at matagumpay kung ang pondong kanilang ginagamit ay mula sa bukal ng kanyang kasapian. Halimbawa, kung magpapatugtog ka sa jukebox, ikaw dapat ang mamili ng tugtog. Kaya kung ang unyon ay popondohan ng buong manggagawa, sila ang magkokontrol kung ano ang gagawin at magiging pakinabang kung sakali ng kanilang pagkilos bilang isang organisadong puwersa. Naniniwala din kami na dapat kaya ng unyon na tumindig nang mag-isa at puwedeng makipag-alyado sa ibang puwersa, pulitikal man o hindi. Pero dapat may sariling desisyon at hindi dapat kontrolin ng ibang sektor. Kaya nga ang NUWHRAIN ay nakipaghanay sa iba pang mga unyon na may ibang prinsipyo. Katulad ng AFW ng mga hospital workers, iyong UFW sa textile, iyong Kilusang Andres Bonifacio, iyong Kristiyanong Alyansa ng mga Makabayang Obrero, at ang Lakas Manggagawa Labor Center. Ang aming organization ay bumuo din ng sentro ng pag-aaral gaya ng LEARN upang pag-usapan ang mga usaping pampulitika at pang-ideolohiya na makakatulong sa kilusang manggagawa. Marami sa aming pinuno ang kabilang din sa BISIG at nakikipag-alyansa sa mga sektoral na organization upang ang usaping manggagawa at usaping bayan ay mabigyan ng ibang pananaw kaysa sa mga kasalukuyang umiiral. Ang kailangan natin ay isang puwersang pampulitika na mula talaga sa masa, sa manggagawa. Iyung mga kumikilos

sa ibang paraan, we can work along parallel lines towards a vision of the society na talagang makakatulong sa masa. Willing kaming makipag-alyansa sa ibang grupo kaya nga kabilang kami sa LACC at nakikipagtulungan din kami sa TUCP on an issue to issue basis.

After the P25 wage increase, marami pang dapat gawin.Una dito ay ipagpatuloy ang pagpapalawak ng mga organisadong hanay ng manggagawa, palakasin ang partisipasyon sa mga gawaing pampulitika,at doon sa antas lokal, siguruhin na maipatupad nang maayos ang kakaunting mga benepisyo na naidulot ng sama-samang pagkilos ng kilusang unyon.

**RENE OFRENEO** ( UP School of Labor and Industrial Relations): Nais ko lang bigyang diin ang tatlong punto. Una, ang naganap na welgang bayan ay dapat matala sa kasaysayan sapagka't, in the real sense, ito ay historic. Nagsama-sama ang TUCP, LACC at iba pang mga grupo na sa akala natin ay hindi puwedeng magsama. Ang kanilang organized na pagkilos ay damang-dama ng kongreso kaya medyo malaking increase ang ibinigay kaya mai-ke-credit natin ito sa unity na ito. Alam natin na ang labor sector sa Pilipinas ay nag-aaway-away. Kung minsan ay nagtatapos pa sa karahasan. Sana kahit magpatuloy ang kanilang away sa mga certification elections sa mga pabrika, pagdating sa malalawak na national issues affecting labor as well as the society ay magpapatuloy ang ganitong unity. Palagay ko, idealistic naman isipin na magkakaroon ng mechanical unity pero puwedeng magkaroon ng unity on an issue to issue basis.

Ikalawa, bagama't malaki ang wage increase na natanggap ng mga kasama, mukhang eroded na ito. Magbuhat ho noong late 1960s up to 1988, ang real wages sa Pilipinas ay patuloy na bumabagsak. Iyung nominal wages, kung ano iyong tinatanggap mo ay tumataas, pero iyung real wages na ibinabatay sa Consumer Price Index o kung ano talaga ang kayang bilhin ng sahod, patuloy itong bumababa. Pero nagkaroon ng kaunting recovery nitong Hulyo because of this P25 wage increase compared noong 1979, nag-increase ng 1.99%. Nasa process pa rin ito ng erosion.

Patuloy na tumataas ang presyo ng mga bilihin. Sa mga susunod pang buwan, lalo pang mag-intensify ang inflation kaya balik na naman sa dati. Kaya tama iyong binuksang paksa kanina ni Kasamang Bal, dapat hindi lang mapako sa issue ng kung paano pataasin ang sahod, dapat tingnan din ang issue kung paano re-rendahan ang presyo ng mga bilihin at kung anong klaseng economic development strategy ang susundin ng ating bansa. Halimbawa ang LOI. Kahit na ang original proposal ng TUCP ay mababa, noong makita nila itong LOI, itinaas nila ang kanilang kahilingang dagdag na sahod. From July to September, makikita natin ang matinding implementasyon ng LOI. Kaya nga minsan tinatanong ko sa mga kasama natin sa labor movement kung nagwelgang bayan sila sa issue ng sahod, puwede nilang pag-isipang magwelgang bayan din sa issue ng LOI. Sa Latin America, nagwelgang bayan sila sa issue ng LOI.

Nais ko ring banggitin dito ang sinabi kanina ni Ka Danny iyung tungkol sa organizing efforts. Ang alam natin dahil sa kalikasan ng ating ekonomiya, masyadong segmented ang ating labor force. Ang totoo hindi lahat sa 22 million na nasa labor force ay puwedeng i-organize into unions. At sa ating personal na estimate ay mga 2 1/2 million lang ang puwede nating i-organisa sa unyon. Sa ngayon, ang effective na i-organize ay mahigit kumulang sa 800,000 workers. Iyun ho ay mataas na ring rate ng unionization, kaya lang watak-watak. Sa kasalukuyang katayuan ng labor force, ang dapat i-emphasize ng labor ay hindi lamang iyong traditional or trade union organizing kundi ang unyon bilang bahagi ng social movement. Dapat tingnan din ang informal sector sapagka't nakikita nating kawing-kawing naman ang problema nila at ng labor. Ginagamit ang informal sector para hilahin pababa iyong mga benepisyo ng mga organized sectors. Katulad sa hotel industry, alam ko maraming pampalit diyan ang management. Napakaraming manggagawa diyan sa labas na handang pumasok. Kaya nakita natin iyung nangyari doon sa Silahis na napakadaling mag-organize ng 300 eskirol para lusubin iyong welga sa Silahis. So dapat siguro ma-emphasize iyan. Kung ang layunin ay magkaroon ng empowerment ng labor, dapat makita kung paano ma-unify ang labor force hindi lang on the basis of pure trade unions.

**RUBEN CARRANZA** (UP): Susubukan kong magbigay ng kaunting paningin tungkol sa tinatalakay natin ngayon- ang P25 wage hike. Susubukan ko ring tingnan ito hindi lamang bilang isang mag-aaral ng batas dito sa UP kundi bilang isang mag-aaral ng lipunan sa mga pangyayari sa ating bansa. Unang-una, bilang isang mag-aaral, ang isang isyung maaaring magbuklod sa mga estudyante, anuman ang kanilang political affiliation, ay ang tuition issue. Ano naman ang kinalaman ng tuition issue sa tinalakay ngayon, ang P25 wage hike? Siguro, obvious iyon, economic pareho ang problema. The tuition hike and wage hike are closely related. Isa pa sigurong link na hindi pa nakikita ay nasa RA 257, iyong batas kung saan na-legislate iyung wage increase. Mayroong isang provision na kung saan iyung increase ng wages ng mga empleyado doon sa private schools ay nakabatay sa tuition increase. In other words, kailangang mag-increase ng tuition muna sa mga ibang pribadong paaralan bago sila bigyan ng mataas na sahod. Mapapansin nating halos orchestrated, halos systematic iyong pag-link ng pamahalaan at ang mga gumagawa ng batas natin sa mga kahilingan ng iba't-ibang sektor. Kung humihingi ang isang sektor ng dagdag na sahod, binibigyan ng kaunting dagdag na sahod at doon binabanatan naman sa kabilang sektor. Iyong naibibigay sa isa kinukuha sa isa.

Isa pang punto na gusto kong talakayin ay ang makauring batayan ng workers struggle. In other words, ang economic struggle ay isang class struggle. Ibig sabihin nito, mas madaling magkaisa ang mga manggagawa dahil makauri ang isyung dinadala nila at mas mahirap sa mag-aaral dahil nahihirapan tayong maghanap ng mga isyung puwedeng iharap sa mag-aaral na magkakaisa sila. Nguni't napapansin ko rin dahil economic iyong struggle sa P25 wage hike nahihirapang i-press iyong full implementation nito. Nahihirapan sa mga loop holes na nasa batas dahil iyung political collectivity na kailangan wala. In other words, hindi nagkakasabay ang economic struggle with the political struggle. Nabanggit kanina ni Kasamang Danny na kailangan pa ng mas malawak na pag-oorganisa ng mga mangagawa. Nabanggit niya iyung pagpapasali sa mga manggagawa sa larangan ng pulitika o direct participation of workers in the political process. Direct in the sense na, kailangan sigurong pag-ukulan ng pansin ang pagtatayo ng isang partido o isang political force na handang makilahok sa halalan kung kailangan na makilahok sa political process para itulak iyung economic demands ng mga manggagawa. Ang panghuling punto ko ay may kinalaman sa papel ng mga mag-aaral, partikular sa mga mag-aaral sa UP. Mapapansin natin na marami sa side ng management at hindi lang sa side ng pamahalaan ay UP graduates. Halimbawa si Sec. Drilon, siya ay graduate ng UP at isang bar topnotcher. He is reputed to be one of the best labor lawyers. But he was a labor lawyer for management pala. Isa pang halimbawa siguro kung hindi ako nagkakamali iyung abogado ng ECOP ay isa ring UP law graduate. Sa labas ng pamantasan, nabibigyan tayo ng mga choices. Sometimes the choices we make go against the welfare and interest of our people. So kahilingan ko na habang nasa pamantasan pa tayo, linawin na natin sa ating sarili kung ano ang gusto nating tahakin na landas paglabas natin ng pamantasan while we still have the luxury of learning the issues, while we still have the luxury of attending a dialogue like this,while we still have the luxury of listening to workers air their woes and grievances.

*DISCUSSION*

*QUESTION*: Sang-ayon ako na kailangang dagdagan ang union representatives natin especially sa legislative department. Kaya lang kakaunti pa ang organisado. So, paano tayo makakapagpasok ng isang Senador? Nakita natin noong isang eleksyon, 6 million ang kailangan bago manalo ang isa. Ang basic point ko lang, sang-ayon ako na ang political structure ngayon ay gawa para sa mga exploiters. Naniniwala akong maliit ang chances ng mga unions na lumaki, if we still continue under this structure.

*QUESTION*: Ako si Adelle Elson, isang mag-aaral sa School of Labor and Industrial Relations at isang empleyado sa UP. Nabanggit kanina na may mga graduates ng unibersidad na naglilingkod sa mga elitista. Hindi lamang mga mag-aaral na nakatapos na ang mga nagiging elitista o naglilingkod sa kanila. Ang ating administrasyon sa Pamantasan ay gumagamit nitong sub-contracting na pamamaraang kapitalista. Gusto ko lamang malaman ninyo na may mga gusali dito na ang mga janitorial services ay hindi na binabayaran ng mga Kolehiyo nang diretsahan. Ito ay dumadaan sa

mga kontratista at gusto ko ring malaman ninyo na noong nakaraang taon, ang pinakamataas na pinasasahod ng mga sub-contractors sa ating mga janitorial services ay P35 to P38 lang. Nakakalungkot isipin na ang ating mismong pamantasan na nangunguna sa pag-aaral sa suliranin sa lipunan ay isa ring gumagamit sa mga pamamaraan na ginagamit ng mga kapitalista.

**AVELINO VALERIO**: Sa ilalim ng batas, iyan ay pinapayagan. Ang labag sa batas ay iyong contracting person lang. Wala siyang contribution maliban doon sa pagkuha ng tao. But then this happens because sa ating lipunan, marami ang unemployed. It is the economic system that brought about all these things. We have to do something to change the direction of our economy. Otherwise, ganyan talaga. Pahirap pa iyan.

*QUESTION*: Ako po ay si Jess Caparas of the College of Public Administration. Unang tanong ko po, ano ho ba ang position ng mga unyon tungkol sa Memorandum on Economic Policy (MEP). Pangalawang tanong, sa discrimination issue. Kasi pagdating ko ho sa Pilipinas nakita ko na ibang klase ang pag-employ dito sa Pilipinas. Pag binuksan po ninyo ang diyaryo, nakalagay: "Wanted female secretary 18-35". Kung talagang titingnan natin, ang connotation nito pag after 35 years old, you are worthless. Bale age discrimination issue iyun. Tapos kailangan ho ba na ang secretary ay babae? Sabi ng pinagtanungan kong abogado, ito daw ho ay illegal. Pero ang tanong ko naman, kung illegal ito bakit ginagawa pa ito sa lipunan?

**AVELINO VALERIO**: Unang-una, may karapatan silang mamili dahil marami ang available. Siguro, pipiliin nila iyong mas bata, mas masigla at saka maganda pa siguro, o iyong walang asawa. Precisely, I talked about the foreign debt earlier because ito ang talagang malaking problema natin. Ito ang dapat nating pag- usapan. And then we are also talking about taxes on oil and its by-products. Dapat mawala itong taxes na ito sapagka't ito ang susi sa industrialization. It is only through industrialization that we can improve the employment condition in our country. Hindi natin maibibigay ito until we can develop economically. Whatever changes we shall have politically, as long as the economy remains agricultural, we will remain underdeveloped.

*QUESTION*: Ako po si Winnie Barscha ng School of Labor. Gusto ko lang magbigay ng karagdagan tungkol doon sa sinabi ni Mr. Carranza. Unang-una, nabanggit niya na siya ay isang law student. Bilang mga mag-aaral ng abogasya, napakalaking bagay ang magagagawa nila sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga batas na nauukol sa lahat ng sektor ng ating ekonomiya at pampulitika. Kami naman bilang mga mag-aaral ng Industrial Relations, maaari kaming makatulong sa pagbibigay kaalaman sa mga union leaders at sa iba pang mga sektor ng ating bansa. Ang isang malaking problema na nakikita ko ay lack of motivation ng mga estudyante to really move, magkaroon ng isang samahang wholeheartedly na tutulong sa economic development ng ating bansa. Napakaganda rin ho ng sinabi ni Mr. Carranza na liwanagin muna natin sa ating sarili what we really want to be in the future, what we can do for our country, and what we can get for our country, na sinabi po ni Pres. Kennedy. I have been attending a lot of symposia. But after those discussions, nothing happens. It is really so painful to experience such. Mr. Carranza, since nasa *Collegian* kayo, malaki ang magagawa ninyo upang ma-re- educate ang mga estudyante. Naniniwala ho kami na malaki ang magagawa ng estudyante sapagkat tayo po ay mayroong mga utak upang sumuporta sa lakas ng manggagawa.

**RUBEN CARRANZA**: Ang *Collegian*, traditionally naman, has been the propagator of progressive ideas. Two weeks ago, we ran an issue on socialism. Nag-run din kami ng issue on science and technology and how it affects national development; kasama na rin dito iyung linkage with the labor sector. But maybe this is an opportune time to announce na rin iyung plano to have a system of alternative advertising by next semester. Halimbawa mayroong progressive groups who will advertise activities, willing kami na mag-put up ng system of classified ads para dito.

*QUESTION*: Pagdating naman ho doon sa issue ng industrialization, napakasakit ding isipin ito base rin sa aking karanasan. Dahil kami ho ng aking mga kaibigan ay nagpupursiging tumulong sa industrialization. Gumawa ho kami ng feasibility study. Incidentally itong kasama ko dito ay isang

businessman from Singapore na nakakuha ho ng isang technology doon. Ito po ang pagpo-produce ng mga ginagamit sa pag-produce ng varnish, paints and others. Ito ay ini-import natin sa ibang bansa. Ngayon, dito sa Pilipinas, kaya na nating i-produce ito sa pamamagitan ng ating kaibigan na nakakuha ng technology sa ibang bansa. In fact, he is producing it right now but small scale nga lang ho. Gumawa kami ng project study and we presented it to government and non-government organizations. Napakataas na ho ng demand. Hindi ho namin kayang mag-supply ng produkto kung kaya't umutang kami pero hindi kami binigyan.

We keep on talking about industrialization and here is a group who really wants to do something but is being hindered by these things. So, naisip ko ho hindi na tayo aasa sa gobyerno o kung sino pa man na puwedeng utangan. In our small way, let's start doing something. Bakit hindi mag-form ng lupon ng manggagawa na mag-venture into a certain product that has something to do with industrialization? Bakit hindi tayo mag-start ng sarili nating negosyo? Iyung sarili natin para hindi tayo umaasa lagi sa iba at nakikipaglaban para sa wages?

*QUESTION*: Ako po si Agnes Paras ng Political Science Department. Bakit ho hanggang ngayon ang mga manggagawa ay masyado pang disorganized? Sa welgang bayan hindi lahat ng manggagawa nag- participate. Nasa manggagawa ba ang kakulangan o meron ho bang outside forces na nag-suppress sa kanila na hindi maging organized?

**NICK ELMAN**: Actually sa tanong na iyan, puwede tayong mag-discuss ng tatlo hanggang limang oras. Actually, historical ang problema na iyan at nasa loob mismo ng sistema. Pinaiiral itong hati-hating anyo sa hanay ng manggagawa. At iyong batas mismo ay isang factor dito para panatilihin na watak-watak sa kabuuan ang sistema.

**RENE OFRENEO**: There are historical and political reasons for disunity in the labor movement. Kasi sa 1950s inilipat dito sa Pilipinas iyong labor relations system ng America bodily. In fact, iyung Magna Carta ng Labor ay isinulat ng isang staffer ng US Embassy. Ibinigay sa Kongreso noon ni Magsaysay, tapos in-adopt at magbuhat noon mayroong mga features ng sistema noon na hanggang ngayon ay umiiral at nadagdagan pa ng new factors that contribute to the further division of the labor movement. Ang isang masamang legacy noon iyung lawyer domination ng unions. Maraming labor groups ang naging dependent sa mga labor lawyers. Ang masama doon sa labor lawyers, hindi naman talaga manggagawa, hindi galing sa pabrika. Kung minsan nakakalimutan nila ang kanilang duties sa mga miyembro. Sa Singapore, bawal ang lawyer na humarap sa Court of Industrial Relations. Ganoon din sa ibang countries. Sa India, di-suwelduhan. Pero dito sa atin, negosyo. Halimbawa, nanalo ang unyon sa isang malaking banko. Ang pinanalunang benefits ay P2.5 billion. Hihingi iyan ng 10%.There are, of course, other actions in the labor movement na mahirap i-explain. Halimbawa, may kanya-kanyang patron sa labas at loob ng bansa. Mayroong mga political parties, political forces na siyempre nagpipilit mag-establish ng kanilang constituency sa labor movement.

Coming up in KASARINLAN, vol. 5, no. 1:

Academe meets the education sector